# MGA BUHAY NA APOY

MGA TAUHAN:

Leda Santos – 45 years old, isang ina

Aran – 20 years old, bunsong anak ni Leda

Aurora Alba – 24 years old, panganay na anak ni Leda

Selmah – 29 years old, bunsong “kapatid” ni Leda

Auntie Lili – 49 years old, panganay na kapatid ni Leda

Kuya Benj – 33 years old, pangalawang asawa ni Auntie Lili

Kuya Ringgo – 31 years old, kasintahan ni Selmah

Topaz – 9 years old, anak ni Selmah

Aling Gusing – 40 years old, labandera

Yaya Naty – 45 years old, yaya nina Aran at Aurora Alba nung sila'y bata pa

TAGPUAN:

Ang dula ay mangyayari sa hardin ni Leda Santos.

## ACT I

*Alas-siyete ng gabi. Linggo. Makikita ang hardin ni Leda Santos. Nasa gawing kanan ang gate, at nasa gawing kaliwa ang pinto papasok sa bahay. Sa likuran ay ang lumang greenhouse na natatakpan ng isang malaking itim na telon. Sa kalagitnaan ng hardin ay may isang malaking puno ng mangga na sa kasalukuyan ay may nag-iisang bunga. Mapapansin sa hardin ang bakas ng isang mariwasang nakaraan; mga dating driftwood ng orchids na ngayon ay wala na; mga basag na paso na pilit na itinatago sa likod ng puno ng mangga; isang lumang aquarium na ang laman na lamang ay lumot at kiti-kiti; at isang dambuhalang kulungan ng ibon na ngayon ay malapit nang mawasak. Sa gitna ng hardin ay may isang malaking mesa at labingtatlong silyang gawa sa Narra. Punong-puno ng Fiesta lights ang puno ng mangga, mapapansing pundido na ang ilan.*

*Liliwanag. Makikitang madaling inaayos nina Yaya Naty at Aling Gusing ang mesa.*

YAYA: *(Dala-dala ang mga plato)* Hay, Gusing! Salamat sa Diyos! Haaay! Salamat sa Diyos. *(Ibababa ang mga plato)* Salamat, salamat, salamat po!

ALING GUSING: Napakasaya mo yata, Yaya Naty.

YAYA: Sino ba naman ang hindi masisiyahan? Uuwi na rin siya sa wakas! Mawari mo, limang taon ring nawala ang liwanag sa tahanang ito.

ALING GUSING: Sino?

YAYA: Si Aurora Alba. Uuwi na rin si Aurora Alba.

ALING GUSING: Aurora Alba? Ang gandang pangalan. Siya ba yung naka-daster na pula sa litratong nasa ibabaw ng piano – yung kamukhang-kamukha ni ma'am?

YAYA: Hindi. Si Selmah 'yon. Bunsong kapatid niya.

ALING GUSING: Ay, akala ko anak niya.

YAYA: Yung nakasagala, yung naka-reyna elena, yun si Aurora Alba.

ALING GUSING: Ah, yung maganda! Saan ba siya galing? Sa ibang bansa?

YAYA: Lumayas siya.

ALING GUSING: Bakit?

YAYA: Wala ka na roon. *(saglit)* Bago ka pa lang dito ang dami mo nang tanong.

ALING GUSING: Pasensya ka na. ang nakikita ko lang kasi dito si Misis at si Araw.

YAYA: Aran, hindi araw.

ALING GUSING: Basta ang tawag ko sa kanya Araw. Una kong nakita iyan natakot ako, kasi ba naman eh bumaba punong-puno ng dugo ang mukha at dibdib at naka-brip lang. Akala ko tuloy nadisgrasya. Sisigaw na nga sana ako. Biglang sinabi niya "Pintura lang ho," tinanong ko siya "Bakit pula?" "Pinipinta ko po ang araw," sabi niya. Kaya Araw ang tawag ko sa kanya.

*(Maririnig ang boses ni Leda.)*

LEDA: Gusing! Naty! Tama na ang tsismisan, bilisan niyo na!

ALING GUSING: Opo.

YAYA: *(Dala-dala ang mga kubyertos, bubulong)* Alam mo, buti nga nagbago na yang si Senyora, Dati mainitin ang ulo niyan. Konting mali lang sigaw kaagad, parang bulkan. Nung nandito pa ako, sampu sampo kaming mga katulong. Isang mali lang, palo kaagad.

ALING GUSING: Talaga? Mabait nga siya eh.

YAYA: Salamat sa Charismatic sabihin mo. Mula nang isinama ko siya sa prayer rally, nagbago. Wala talagang hindi mababago si Lord.

*(May magdo-doorbell, bubuksan ni Aling Gusing ang gate at papasok sina Selmah, Ringgo, at Topaz.)*

RINGGO: Sigurado ka bang safe ang kotse natin dyan?

SELMAH: Oo, tinulungan lahat ni Ate ang mga tambay dito, babantayan nila iyan. O Topy, give the flower to your Mimi, ha, kiss her, hug her, okay? Don't forget to say good evening.

TOPAZ: *(Mahiyain)* Yes, Mommy.

RINGGO: Ang dami niyo namang rehearsal.

SELMAH: Para ready. Sayang naman iyung pinag-gastusan natin sa exclusive school. *(mapapansin si Aling Gusing)* Kayo ho ba ang bagong labandera ni Ate?

ALING GUSING: Oho. Gusing ho.

SELMAH: Maglaba naman kayo sa amin kung may panahon kayo.

RINGGO: Ikaw talaga, Sel.

TOPAZ: Mommy, look at mango, it is so red.

SELMAH: *(Papaluin ang daliri ng anak)* No, don't point. That's bad. Engkanto will kurapt you.

RINGGO: Alam mo Sel, paminsan-minsan sumusobra ka na, ambigat-bigat nga kamay mo. Para ka nang Mommy mo.

*(Papasok si Yaya.)*

YAYA: Selmah!

SELMAH: Yaya Naty!

YAYA: Ang taba-taba mo na! Hindi ka na mukhang Miss Palawan High. Katulad ka na ni Ate mo.

SELMAH: Sobra ka naman, Ya.

*(Papasok sa eksena si Leda na bihis na bihis, magara ang pananamit, punong-puno ng mga alahas na napaglumaan na.)*

LEDA SANTOS: Ako ba ang pinag-uusapan niyo?

SELMAH: Ate! *(Kay Topaz)* Go to Mimi.

LEDA: O, Topy, how are you?

TOPAZ: Good evening, Mimi, kiss you Mimi, hug you Mimi, love you Mimi, and a flower for you Mimi.

LEDA: For me? How sweet and how beautiful a flower.

RINGGO: Magandang gabi po.

LEDA SANTOS: Maganda talaga ang gabi, kitang-kita natin ang mga bituin, ang buwan ay bilog, kumikislap ang kalawakan dahil ito na ang gabing uuwi ang aking si Aurora Alba. *(Sandaling katahimikan)* Nagdala pala kayo ng champagne at beer, salamat, mababawasan ang gastos, At matutuwa si Benjamin niyan.

SELMAH: Si Kuya Benj?

LEDA: Dumating sila ni Ate Lili dito kaninang umaga galing Palawan.

SELMAH: Edi dadalo sila ngayon sa paparti mo.

LEDA SANTOS: Susubukan raw nila. Nasa ospital sila ngayon. May sakit ang tatay ni Benj.

SELMAH: Ano raw ang sakit?

LEDA SANTOS: Katandaan. Alam mo naman ang tao pag lumilipas, gumagana ang isip pero ang katawan, pumapalya.

SELMAH: Kawawa naman si Kuya Benj, masayahing tao pa naman iyon.

LEDA SANTOS: Sabi ko nga sa kanila, sumama na lang sila sa akin sa Charismatic, gagaling tiyak ang matanda, baka bumata pa uli. *(Tatawa sila. Mapapansing nagtataguan sina Ringgo at Topy sa may puno ng mangga.)* Mabuti naman at nagkakasundo ang anak mo at si Ringgo.

SELMAH: Magaling mag-alaga ng bata si Ringgo. Mabilis niyang napaamo si Topy.

LEDA SANTOS: Wala ka bang balak balikan pa si Roger sa Palawan? Sayang, malaki pa naman ang lupain ng mga De la Chika ro'n.

SELMAH: Mayaman din naman si Ringgo ah. May-ari siya ng isang insurance firm. Sarili niyang sikap iyon, hindi niya namana sa apelyido.

LEDA SANTOS: Iba pa rin ang may lupa. Mas sigurado ka.

SELMAH: Pag-aawayan na naman ba natin ito Ate?

LEDA SANTOS: Pinag-uusapan natin, hindi natin pinag-aawayan. *(Biglang may magdo-doorbell sa gate, matagal, nakabibingi.)* O, Naty, yung alaga mo!

*(Bubuksan ni Yaya ang gate. Papasok si Aran.)*

YAYA: Ay Punggoy, hindi kita nakilala!

ARAN: Hi, Yaya. Kamusta ka na? Long time no see.

YAYA: Mama ka na. Ang pogi-pogi mo naman, ang macho-macho pa, ang laki-laki ng katawan mo ngayon *(Yayakapin ni Yaya)*. Dati dati ang lambot-lambot, ang totoy-totoy, ngayon ang tigas-tigas na.

ARAN: Ikaw pa rin talaga ang best Yaya in the world. *(Mapapansin si Selmah, hahalikan.)* Hi, Tita Selmah.

LEDA SANTOS: O, Punggoy, ako ba walang kiss?

ARAN: Ma, wag na nyo kong tawaging Punggoy *(hahalikan)*. Akyat muna ako.

*(Papasok sa bahay)*

LEDA SANTOS: Hay, yan talagang si Punggoy. Papasok sa bahay at didiretso sa kuwarto niya. Madaling araw na kung umuwi.. Tapos tanghali na kung gumising. Kakain, aalis. Ni hindi na kami nagkikita. Kung magkita pa kami, ni ha, ni ho, wala. Parating bugnutin, parang ang daming problema sa daigdig. Hindi kasi nagsisimba. Tapos parating nakakulong diyan sa greenhouse, ayaw magpapasok. Parang may inililihim. *(Maririnig ang loud rock music mula sa kuwarto ni Aran)* Mga bata talaga ngayon, hindi nakikinig ng music, noise. *(Sisigaw)* Noise! *(Biglang ililipat ang station sa classical music.)*

SELMAH: Buti maaga siya.

LEDA SANTOS: Siyempre, uuwi kasi ang ate niya. *(maririnig ang muli ang doorbell)* O, baka si Angga na yan.

*(Bubuksan ni Yaya ang gate. Papasok si Kuya Benj at si Auntie Lili. Magkakamustahan.)*

SELMAH: Kuya Benj! Ate Lili!

KUYA BENJ: Ayos, beer! Maraming beer, inuman na tayo.

ATE LILI: Sel, kamusta na si Topy?

SELMAH: Mabuti, magge-grade two na. Si Ringgo pala. Ringgo, si Kuya Benj at si Ate Lili.

KUYA BENJ: Umiinom ka ba pare?

RINGGO: Pakonti-konti lang.

KUYA BENJ: Asan ba yang magaling na pamangkin natin? Aran! Tawagin ninyo nga nang magkainuman ang mga kalalakihan.

LEDA SANTOS: Wag na niyong isama'yon, bata pa.

KUYA BENJ: Hindi siya exempted ngayon. Aran!

*(Papasok sa bahay.)*

RINGGO: Sel, Okey pala ang Kuya Benj mo, ah.

LEDA: Ringgo, papanoorin mo muna kaya ng T.V. Si Topy. Hindi pa kasi luto ang pagkain. O, Topy, kakain ka ng maraming-marami mamaya ha?

TOPAZ: Yes, Mimi.

RINGGO: O, Topy, habol mo nga ako kung kaya mo.

TOPAZ: I'll catch you, Daddy Ringgo.

*(Tatakbong papaloob ang dalawa.)*

ATE LILI: Magkakasundo kaagad sila ni Topy, ano?

SELMAH: Napansin rin ni Ate.

ATE LILI: Daddy na ang tawag ni Topy. Mahirap sa mga bata ang makaintindi sa mga bagay na kumplikado gaya ng paghihiwalay.

SELMAH: Akala lang natin yon. Mas madaling nakakaintindi ang mga bata.

LEDA SANTOS: Sabi ko nga kay Sel, baka maging abnormal... malilito sa tunay na konsepto ng tunay niyang ama.

SELMAH: Anong gusto nyong gawin ko? Maglihim katulad nang ginawa ninyo sa akin?

*(Biglang papasok si Kuya Benj)*

KUYA BENJ: O Lili, nakita mo na ba yung mga painting ng pamangkin mo? Yung mga Kukok, at si Rangkatulang, at si Pulog-pulog. Pati na yung mga hayop sa isla natin, yung bising, yung agay, yung kiyaw. Ang galing-galing pala talaga ng anak mo, Ate.

LEDA SANTOS: Hay, takot akong pumasok sa kuwarto niyan. Kung anu-ano ang mga nakasabit.

KUYA BENJ: At isa pala siya sa pinakamagaling at pinakabatang pintor sa buong Pilipinas ngayon.

LEDA SANTOS: Sana kung isa siya sa pinakamagaling na abugado o duktor, matutuwa pa ako. Ang gastos-gastos kaya ng Fine Arts. *(Saglit)* Sayang, matalino pa naman siya.

KUYA BEN: Tinatapos nga niya yung isang babaeng walang mukha. Ang seksi. Si Parimanis daw ang ngalan.

SELMAH: Masilip nga Kuya Benj. Akyat muna ako, *(Saglit)* mga ate.

*(Maiiwang nag-uusap sina Ate Lili at si Leda Santos. Magsisimulang uminom si Kuya Benj.)*

ATE LILI: Parimanis? Alam ng anak mo ang tungkol sa kagandahang lubos?

LEDA SANTOS: Kinuwento ko sa kanya noong bata pa siya.

ATE LILI: Pati Kukok alam niya?

LEDA SANTOS: Lahat kinuwento ko sa kanya para makatulog siya nang mahimbing.

ATE LILI: At natatandaan niya lahat?

LEDA SANTOS: Lahat-lahat. Pati nakalimutan ko na, alam pa rin niya hanggang ngayon. Matalino talaga ang batang iyan, natatandaan halos lahat. *(Saglit)* Sana pala'y hindi ko na lang kinuwento sa kanya.

ATE LILI: Hindi pa nakakapunta si Aran sa isla natin sa Pulao-pulao, hindi ba? Bakit hindi mo pagbakasyunin?

LEDA SANTOS: *(Magagalit)* Hindi puwede. Kailangan na nating ibaon ang nakalipas na.

ATE LILI: Pwede mong limutin ang nakalipas na, Leda, pero hindi mo pwedeng ibaon ang pinagmulan mo.

LEDA SANTOS: Ano pa ba ang hinihingi n'yo sa akin? Sapat na naman yung tulong ko sa mga tao doon, ah. Nagpadala na ako ng mga gamot, ng mga kasangkapan, nagpatayo ako ng mga bahay, at yung simbahan, nandoon pa ba? May nagsisimba pa ba?

ATE LILI: Bihira na. Mahal kasi ang pari. Alam mo naman ang Pulao-Pulao, nasa kadulo-duluhan ng Palawan.

LEDA SANTOS: Oo. Sa kadulo-duluhan ng daigdig. Muntik nang makalimutan ng tao.

ATE LILI: Naaalala mo ba noon, nung bata pa tayo? Pag umaakyat tayo sa taluktok ng bundok, kita na natin ang Borneo. Napakaganda ng Pulao-pulao, pero mabilis ng nagbabago ang mundo ngayon. Mukha ngang magkaka-elektrisidad na sa isla sa isang taon, at baka nga raw abutan na ng mga daan. Pero si Tiyo Buni, naniniwala pa rin hanggang ngayon na mga tiga-Pulao-pulao lang ang mga tao sa daigdig. Natatandaan mo pa rin ba ang mga itinuro sa ating dasal ni Tiyo Buni? *(Papasok si Aran.)* Kailangan na raw ipasa ang mga iyon sa isang kadugo.

ARAN: Talaga, Ate Lili?

LEDA SANTOS: *(Galit)* Malas! Malas yang mga dasal na iyan. Nanggagaling iyan sa mga diyablo.

*(Aalis si Leda.)*

ARAN: Ate Lili, kuwentuhan mo naman ako. Yung tungkol kay Lola Abet-a. Di ba 125 years old na siya nung mamatay? Puwede sana sa Guiness Book of World Records. Pero wala daw siya yatang napasahan ng mga dasal niya. Sayang ano?

ATE LILI: Oo sayang. *(Saglit)* Nandoon ako nung mamatay si Lola Abet-a. Umiiyak siya noon. Naghahanap ng isang bata, isa sa mga pinsan

mo na ibig matutunan ang mga dasal. Pero walang may ibig sa kanila dahil natatakot daw sila. Naalala ko noon, yun ang panahon na ipinapatayo ng Nanay mo ang pinakaunang simbahan sa Pulao-pulao. Pilit kong pinainom ng gamot si Lola Abet-a. Pero ayaw daw niyang inumin ang mga nilikha ng mga taong labas. Sinulatan ko ang Nanay mo noon para ipadala ka o si Aurora Alba para sa isa sa inyo maipasa ang mga dasal. Hindi niya sinagot. Hindi siguro umabot sa kanya. *(Saglit)* Bago namatay si Lola Abet-a, inawit niya ang alamat ng pinagmulan.

ARAN: Na ang tao raw ay nagmula sa araw, sa apoy.

ATE LITLI: *(Saglit)* Noon, ang araw ay iisa ang kaluluwa sa walang hanggang kalawakan ng lupa, hangin at tubig. Mula sa iisang buhay na kaluluwa, sumambulat sa kalawakan ang mga buhay na apoy at naging tao.

*(Pasok si Leda)*

LEDA SANTOS: Hindi yan totoo. Alam nating kay Eba at Adan tayo nanggaling hindi ba, at ang Diyos ang lumikha sa atin.

KUYA BENJ: Ke sa apoy, ke kay Adan o Eba, o sa tinggil ng kunsinumang diyosa, basta alam ko na buhay ako. Yung iba nga riyan sinasabi na sa unggoy tayo galing. Yon, hindi ako papayag. Basta alam ko buhay ako, buhay ako, buhay ako, at ang ama ko ay malapit nang mawalan ng buhay.

LEDA SANTOS: Ipagdasal natin Kuya Benj, at siguradong gagaling siya.

KUYA BENJ: Gagaling siya kung gagaling siya. Basta kung panahon mo na, panahon mo na talaga. Walang makapipigil kay Kamatayan.

ATE LILI: Lasing ka na Benj. Tinutubig mo na yata ang beer

*(Papasok sina Ate Lili at Kuya Benj sa loob ng bahay. Maiiwan si Aran at ang kanyang ina.)*

LEDA SANTOS: Ang tagal naman ng ate mo.

ARAN: Baka hindi na dumating iyon.

LEDA SANTOS: Ikaw ha. Pag dumating ang ate mo, maging mabait ka sa kanya. Huwag mong aawayin.

ARAN: Hindi ko naman siya inaaway ah.

LEDA SANTOS: Ibalik mo sa kanya ang radyo niya ha.

ARAN: *(Irita)* Siyempre.

LEDA SANTOS: Mga T-shirt niya, huwag kang manghihiram.

ARAN: Ha?

LEDA SANTOS: Ang shampoo niya huwag mong ginagamit.

ARAN: *(Galit)* Ma, para yatang ako ang sinisisi mo kung bakit lumayas si ate.

LEDA SANTOS: Alangan namang ako! Mabait ako sa kanya.

ARAN: Mabait!

LEDA SANTOS: Ano bang gusto mong palabasin?

ARAN: Wala, Ma.

*(Maririnig ang doorbell.)*

LEDA SANTOS: *(Sisigaw)* Anong wala?

ARAN: Wala nga.

LEDA SANTOS: Putang-ina! *(Mapapahinto)* Panginoon, patawad po, hindi na po ako magmumura muli.

*(Bubuksan ang gate at papasok si Aurora Alba.)*

AURORA ALBA: O, Ma, ang tagal ko nang nawala, naga-away pa rin kayo ni Aran.

LEDA SANTOS: Palangga! *(Yayakapin)* Nandito na si Aurora Alba! *(Lalabas sa hardin ang lahat ng mga tauhan)*. O, ipinagluto kita ng lahat ng mga paborito mo. Yung embutido, yung menudo. May dinuguan din. Yung putsero, yung buko salad. At yung pusit na paboritong-paborito mo.

ARAN: Ako ang may paborito non, Ma.

LEDA SANTOS: *(Hindi papansinin)* Dinurado pa ang kanin natin, yung mapulang-mapula. Meron pa riyang bulalo na gusto mo, at strawberry ice cream.

ARAN: Paborito ko yan, Ma. Chocolate ang paborito ni Ate.

LEDA SANTOS: Edi ibili ng chocolate ice cream. Yaya, ibili ng Gold Label na chocolate, madali. Magsasaya tayong lahat ngayong gabi. Nandito na ang panganay ko.

*(Lalapitan si Aurora Alba ng lahat ng tauhan. Lalapit si Aurora Alba kay Aran.)*

AURORA ALBA: Kamusta ka na Aran?

ARAN: Eto... isang nakikibakang buhay na apoy.

- END OF ACT I -

## ACT II

*Alas-nueve ng gabi. Ang buong pamilya ay nakapalibot sa mesa. Nasa gitna ang ina, si Leda Santos, sa gawing kanan, katabi niya sina Topaz, si Selmah, ang katipan nitong si Ringgo, si Yaya at Aling Gusing. Sa gawing kaliwa nama'y sina Ate Lili, ang asawa nitong si Kuya Benj, at ang magkapatid na sina Aurora Alba at Aran.*

*Mapapansin ang isang bakanteng silya sa harap ni Leda Santos. Katatapos lang nila kumain. Masaya.*

LILI: Nagtakbuhan lahat kami, hinabol lang kami nung Pantot. Ang bantot talaga nung Pantot! *(Tawanan)* Naabutan nga ako e, nangamoy ako buong linggo. Ang baho no kon.

LEDA: Walang nanligaw sa'yo buong linggo.

*(Tawanan.)*

TOPAZ: What's pantot, Mommy?

SELMAH: Pantot is an animal that aaa...aaah...

KUYA BENJ: You know... when it UTOTS it is MABANTOT!

*(Tawanan.)*

ARAN: It is a skunk, Topaz.

TOPAZ: Aaaah, a skunk. A pantot is a skunk.

RINGGO: May skunk pala sa Pilipinas.

LILI: Only in Palawan. We have skunks in Palawan, we also have an animal full of tinik.

ARAN: Porcupine!

LILI: It lives in the mangroves in the bakahan.

RINGGO: May porcupines?

LILI: Not only that. Parrots of different colors.

ARAN: Anong tawag dun sa green, Ma?

LILI: Pikoy pag green.

AURORA ALBA: At Agay pag puti.

ARAN: The Agay, Topy, is the cockatoo, the white parrot. I went to my first art exhibit with a cockatoo on my shoulder. They're gentle creatures.

KUYA BENJ: Meron pa ngang mga Balintong eh.

TOPAZ: What's a Balintong, Mimi?

ARAN: It's called an Armadillo.

KUYA BENJ: Kaya kung alanganin ka, balintong ang tawag sa 'yo.

AURORA ALBA: Punumpuno ng mga hayop at ibon ang hardin na 'to noon 'no. Naalala mo, Aran, pag umaga pag gising natin, parang di tayo nasa Maynila? Para tayong nasa gubat sa Palawan, naghahalo-halo ang mga huni ng ibon noon at tunog ng mga iba't ibang klase ng hayop. Naalala mo iyong Kiyaw natin? Si Tala? Nakokopya niya ang tinig ng kahit na sino. Natataranta tuloy yung mga katulong. Akala nila tinatawag natin sila.

NATY: Dati-rati kasi pag may umuuwi dito mula sa inyo sa Palawan, may regalo silang mga hayop para kay Senyor.

LEDA: Sumusipsip kasi sila sa Daddy nyo.

AURORA ALBA: Pero nakakalungkot sa mga hayop ng iyon mahilig silang magbuwis ng buhay para sa atin. Namamatay sila kung isa sa atin may sakit. At namamatay ang mga paborito nating alaga kapag merong may birthday.

ARAN: *(Bubulong kay Aurora Alba)* Naalala mo nung namatay ang lahat ng hayop dito?

LEDA: Oo, nung naghiwalay kami ng Daddy nyo.

ARAN: At ang aquarium natin, salt water yan.

KUYA BENJ: Pero ngayon, o, puro kiti-kiti na lang ang laman.

ARAN: Pero dati, the best tropical salt water fishes ang meron dyan.

LEDA SANTOS: Dati yun. *(Saglit na katahimikan)*

AURORA ALBA: Tulog na ako, Ma.

LEDA SANTOS: Angga, huwag muna. Guest of honor ka ngayon. Everybody, let's drink to my daughter. Nandito tayong lahat dahil bumalik siya.

ARAN: It's too early for a toast, ma. Baka maudlot.

LEDA SANTOS: Sama kayo Gusing at Naty.

YAYA: Huwag na. Masama ang uminom. Magagalit si Lord.

LEDA: Sige na, Naty. Ngayon lang, para kay Angga. Maiintindihan na ni Lord ‘yun.

YAYA: Sige na nga.

*(Bubuksan ang champagne at lalagyan ang mga baso.)*

LEDA SANTOS: Para sa pagbabalik ni Aurora Alba. Ang pinakamamahal kong anak.

ARAN: Ako rin, I'd like to propose a toast for my sister. May she have peace of mind.

KUYA BENJ: Ako rin, gusto ko ring mag-propose.

SELMAH: O, Kuya Benj, umeeksena rin.

KUYA BENJ: Siyempre. Lili, will you marry me?

*(Hahalik kay Ate Lili)*

AURORA ALBA: How sweet naman, Kuya Benj.

LEDA: Swerte ang Tita Lili ninyo. Isang mangkukulam, nakapangasawa ng batang debonaire.

ATE LILI: Oy, hindi ako mangkululam. Taga-hilom ako.

ARAN: Si Ate Lili ang pinakamagaling na taga-hilom sa Pulao-pulao.

ATE LILI: Dati yun. Ngayon, hindi na ako ganon kagaling.

AURORA ALBA: Sige nga Kuya Benj, kuwento mo paano kayo nagkakilala ni Ate Lili.

KUYA BENJ: Ganito ‘yan. *(Saglit)* One day...

SELMAH: Pa-cute talaga itong si Kuya Benj.

ATE LILI: Pulis si Ben noon. At kamamatay lang ng una kong asawa. Bago lang kami ng Mommy mo sa Maynila noon. Scholar ‘yan ng Palawan High noon.

LEDA: Pinadala ako sa Maynila, pensiyonada.

ATE LILI: Nawala ako sa Maynila. Nagtanong ako sa pulis. At iyon...

KUYA BENJ: Tinamaan ako.

ATE LILI: Sinundan niya ako sa buong Maynila. Akala ko nga manggagahasa na.

KUYA BENJ: Ginayuma mo yata ako 'no.

ATE LILI: Walang bisa ang mga dasal dito sa Maynila.

LEDA: Walang bisa kahit saan.

KUYA BENJ: Sinundan ko talaga siya.

ATE LILI: Sisipain ko na sana sa bayag. Yun pala...

KUYA BENJ: Hiningi ko lang naman ang address niya.

ATE LILI: Akala ko binibiro niya lang ako. Ilang taon ka ba noon?

KUYA BENJ: Twenty five. Ay hindi, twenty six.

ATE LILI: Ako naman medyo may edad na noon.

AURORA ALBA: Ilang years ang agwat n'yo, Ate Lili?

LEDA: Huwag mo nang itanong.

LILI: Sixteen years.

AURORA ALBA: Mas malayo pala sina Daddy at Mommy. Twenty five years.

LEDA: Pero mas matanda ang Daddy niyo sa akin.

ATE LILI: Oy ha, hindi ako matanda. Kaya nga Ate Lili ang tawag n'yo sa akin.

KUYA BENJ: Tapos nag-date kami sa Luneta.

ATE LILI: At ikinasal kami. Akala ko nga, lolokohin lang niya ako.

KUYA BENJ: Pero Li, ten years na tayo.

AURORA ALBA: Yan ang proof ng isang lasting relationship.

ARAN: *(aside)* Di katulad nina Mommy at Daddy.

| | |
|---|---|
| KUYA BENJ: | Gumana ang gayuma at dasal mo. |
| RINGGO: | Ako ba, Sel, nagamitan mo rin ako ng dasal? |
| SELMA: | Nagsalita. Baka ikaw. |
| TOPAZ: | Mimi, did you also pray for Lolo? |
| LEDA SANTOS: | *(Saglit)* Yang mga dasal na yan, gawa sabi ng diyablo yan. |
| ATE LILI: | Hindi naman siguro, Leding. Kasi sabi nga ni Abet-a, ang mga dasal na ito ay nagmula sa mga Mabubuting Nilalang ng Sansinukob. Nagkaroon ng dasal laban sa Bantol dahil kailangan. Nagkaroon ng mga dasal na pang-akit para sa mga di-kaakit-akit. At ang mga pagsubok raw na pinagdadaanan para makakuha ng agimat ay parang buhay, kailangan mo ng katapangan at pagpupunyagi. |
| KUYA BENJ: | Ako, wala yata akong tapang eh. |
| SELMAH: | Bakit mo naman nasabi Kuya Benj? |
| KUYA BENJ: | Sinubukan kong matutunan ang dasal ng Du-A Kulambo ang paghihiwalay ng ulan pero pumalpak. |
| ARAN: | Ano'ng nangyari? |
| KUYA BENJ: | Kailangan mo kasing hanapin ang kuweba ng mga ninuno sa gubat ng Bolukuin. |
| ARAN: | Ah, yung enchanted forest? |
| KUYA BENJ: | Nahanap ko yung kuweba, pinasok ko. Ang dilim. At nakita ko yung Gintong Man-dug. |
| AURORA ALBA: | Ano yun? |

ARAN: Mga higanteng gintong alupihan.

*(Mapapansing tahimik si Leda Santos sa kuwentuhang ito.)*

KUYA BENJ: Tiyak, ipipinta mo na naman iyan Aran, ano.

AURORA ALBA: Ano'ng nangyari Kuya Ben?

KUYA BENJ: Hindi ako natakot sa Gintong Man-dug. Naglakad ako, di ko pinansin. Nung nasa kalagitnaan na 'ko, nakita ko may tatlong lumulutang na plato. Ang isang plato'y may berdeng kanin. Ang isa'y ginto, at ang isa'y asul. Hindi ko alam kung anong kakainin ko. Pinili ko yung asul.

AURORA ALBA: Ano'ng kaibahan nung mga tatlong kanin?

ATE LILI: Ang berdeng kanin ay para sa mga dasal sa mga puno. Ang asul ay para sa tubig. Pero ang ginto ay kamatayan.

KUYA BENJ: Di ko alam yun ah. Buti pala di ko pinili yung ginto.

ALING GUSING: Ano ho yung lasa nung kanin, Sir?

KUYA BENJ: Di ko nga natikman eh. Bigla kasing gumalaw. Nagulat ako. Natakot. Hayun, nagkakaripas ng takbo. At biglang tinakpan ng Gintong Man-dug ang bukana ng kuweba.

ARAN: Edi, hindi kayo nakalabas?

KUYA BENJ: Nandito ako di ba? *(Saglit)* Pero ang totoo hindi ko alam kung paano ako nakalabas.

SELMAH: Si Kuya Benj pala duwag ah.

KUYA BENJ: Kung minsan talaga, naduduwag ang tao kahit gaano katapang. Pero ikaw Aran, tingin ko, kaya mo yun. Wala kang kinatatakutan eh.

LEDA SANTOS: Ang matapang talaga ay ang Lolo ni Aran, si Papa. Lumaban sa giyera ‘yon.

LILI: Ang hindi ko makakalimutan yung kuwento ni Papa dun sa isla Kamanga.

ARAN: Ang islang umuugong.

LILI: Kasama ni Papa ang mga pinakamagaling na maninisid sa Pulao-pulao. Marami kasing kuwento-kuwento na may lumubog raw diyan na galleon ng mga Kastila. Isa sa pinakamalalim na dagat raw iyon. Ang kalaliman raw parang walang hanggan. Pero naabot nila ang kailaliman. At nakita nila ang isang higanteng Taklobo.

RINGGO: Taklobo?

ARAN: Giant clam, Kuya.

LILI: Bumuka ang Taklobo at nasa loob nito ang pinakamalaking itim na perlas sa Sansinukob. Nakasisilaw ang kaitiman nito. Pinilit nilang lapitan kahit nararamdaman nilang nasusunog na ang mga mata nila pero may mga nakabantay dito. Ang mga dambuhala ng karagatan. Mga pusit, mga pugita, mga pating, mga balyena pati na ang mga isdang di pa nila nakikita. Ito raw siguro ang pinaka-kayamanan ng karagatan. Kayat binabantayan ito ng mga hari ng dagat.

LEDA: Kuwento lang ‘yan. Hindi kapani-paniwala. Gusing, i-serve mo na ang buko salad.

ARAN: Ma, ikaw na nakakita ng gintong pawikan? Ng mga ahas na may pakpak? At di ba nung bata ka pa, nakita mong ginamitan ni Tiyo Buni ng Du-a Kulambo ang ulan at ito'y humiwalay. Tapos ngayon, sinasabi mong hindi ka naniniwala?

LEDA SANTOS: Naniniwala ako sa Diyos, anak.

ARAN: *(Sarcastic)* Oh my God.

AURORA ALBA: Tama na yan, Aran.

KUYA RINGGO: *(Kay Kuya Benj)* Wala na tayong beer.

KUYA BENJ: Edi bili tayo.

*(Lalabas ang dalawa.)*

ARAN: *(Kay Topaz)* Hi, Topaz. How are you?

TOPAZ: I'm fine.

AURORA ALBA: *(Kay Selma)* Kumusta na si Tito Rod,? Wala na bang pag-asang magkabalikan kayo?

SELMAH: Wala na.

LEDA SANTOS: *(Kay Ate Lili)* Wala na bang magagawa sa tatay ni Benj?

ATE LILI: Naghihingalo nga kanina. Sumuka pa ng dugo.

*(Papasok sina Yaya at Aling Gusing; nagwawalis, nag-uusap).*

YAYA: *(Kay Aling Gusing)* Ang dugo ni Kristo, yan Aling Gusing, ang magpapagaan sa mga pasan mo sa daigdig. Iyan ang makahihilom ng lahat ng sakit.

ATE LILI: *(Kay Leda)* Ginamitan ko nga ng dasal ng paghihilom, medyo tumigil ang pagsuka niya. At panandaliang nakahimbing. Pero sabi ng doktor, baka hanggang bukas na lang daw.

LEDA SANTOS: Talagang walang magagawa yang mga dasal na yan. Sa Diyos kayo magdasal. Bukas dalhin n'yo yung tatay ni Benj sa Charismatic. Siguradong gagaling yon. Lahat napapagaling ni Lord.

SELMAH: *(Kay Aurora Alba)* Diyos ko, kung alam mo lang yung nangyari.

AURORA ALBA: First love mo si Ringgo di ba?

YAYA: *(Kay Aling Gusing)* Love God, love Christ, receive Him with all your heart Aling Gusing. He is your friend.

ARAN: *(Kay Topaz)* Do you have a best friend Topy?

TOPAZ: Yes. Angela.

ARAN: Do you know a poem, Topy?

TOPAZ: Yes. Mary had a little lamb, her fleas as white as snow.

ARAN: *(Interrupts)* Have you seen snow?

TOPAZ: Everywhere that Mary went, the lamb was sure to go.

ARAN: Have you seen a lamb?

TOPAZ: No.

ARAN: Can you speak Filipino?

TOPAZ: Yes.

ARAN: Naiintindihan mo ako?

TOPAZ: Opo.

SELMAH: *(kay Aurora Alba)* Hindi nga kami maintindihan ni Ate noon. Gusto niya kasi si Roger, mayaman. Pero ngayon ang bait-bait na niya kay Ringgo, napansin mo? Yumaman na kasi.

AURORA ALBA: *(Saglit)* Tita Selmah, puwede bang tawagin na kitang Ate Selmah?

SELMAH: Sinabi na sa iyo?

ARAN: *(Kay Tita Selmah)* Tita Selmah, ikaw talaga, Pinapalo mo pala si Topy pag nagpi-Filipino. Kolonyal ka talaga.

SELMAH: Kailangan niyang matutong mag-Ingles. Wala na siya sa Palawan ngayon. *(Kay Aurora Alba)* Si Aran, alam ba niya?

AURORA ALBA: Hindi. Alam mo naman iyan, nasa sarili niyang mundo.

ATE LILI: *(Kay Leda Santos)* Iba ang mundo natin dito sa Maynila. Ano kaya, umuwi na lang tayo Leding?

LEDA SANTOS: At iwan lahat ng pinundar dito? Mahirap ang buhay dito sa Maynila pero kinaya ko. Noong mag-retiro yang si Hesus, mula sa pagiging maybahay, kinailangan kong magtrabaho. Mabuti nga LLB graduate ako. May isang kaibigan siya, tinulungan akong makapasok sa BLT, sa gobyerno.

ARAN: What I am saying Topy Is It is also good to speak Filipino, di ba?

TOPAZ: Opo.

ARAN: A, Topy, alam mo ba ang kuwento ni Rangkatulang at Pulog-pulog?

TOPAZ: Hindi po.

ARAN: *(Kay Selmah)* Tita Selmah, ano ka ba naman. Hindi mo pala ikinuwento sa anak mo ang Pulog-pulog at Rangkatulang.

ATE LILI: *(Sa lahat)* Ay naikuwento sa amin 'yan ni Inang! Di ba, Leda?

LEDA: Sa 'yo lang. ikaw kasi ang paborito.

ARAN: Ikaw Alba?

AURORA ALBA: Hindi. Hindi naikuwento sa akin ni Mommy.

SELMAH: Sa akin si Lola ang nagkuwento.

TOPAZ: Mommy, what story?

*(Biglang kukuha ng niyog si Aran at aagawin ang walis-tingting ni Aling Gusing. Paglalaruan ang niyog at walis-tingting).*

ARAN: Si Pulog-pulog ay hugis-niyog. *(Ipapatong ang niyog sa mesa)*At si Rangkatulang ay parang tingting. *(Ipapatong ang tingting sa mesa. Tatawa si Topaz).*

LEDA SANTOS: *(Kay Ate Lili)* Maysa-diyablo iyang Rangkatulang.

ARAN: *(Ilalagay ang niyog sa ilalim ng mesa)* Naiwang mag-isa sa bahay si Pulog-pulog na kay taba-taba at hugis-niyog. At biglang dumating si Rangkatulang na pagkanipis-nipis. *(Igagalaw ang tingting)* At kumatok sa bahay ni Pulog-pulog si Rangkatulang. *(Kakatok si Aran sa mesa.)*

ATE LILI: *(Kay Leda Santos)* Noong bata pa tayo, ang taba-taba mo, para kang Pulog-pulog.

LEDA SANTOS: Ikaw, ang payat-payat mo, para kang si Rangkatulang.

ARAN: Patuluyin mo naman ako Pulog-pulog. May dala-dala akong pagkain. Pagkain!, sabi ni Pulog-pulog. Sumilip si Pulog-pulog at nakita niya ang pagkain. Kay sarap ng pagkain. Kain! Kain! Kain! Biglang! *(Kikilitiin si Topaz)* Kiniliti nang kiniliti ni Rangkatulang si Pulog-pulog. Nagtatakbo ito at nagtago sa loob ng gitara. *(Makikita si Yaya)* Yaya, kunyari ikaw ang gitara. *(Ipapasok sa tiyan ni Yaya ang niyog.)*

YAYA: Ikaw talaga Punggoy, ang likot-likot mo pa rin.

ARAN: *(Kukunin ang tingting)* Pulog-pulog, nasaan ka? *(Papalakarin ang tingting)* A, gitara, gitara si Yaya! Magatugtug nga ako! Tring! *(Tutusukin ang tiyan ni Yaya ng tingting)* Trang! Trong!

YAYA: Nakikiliti ako.

ARAN: Nasa loob ako ng gitarang ginatugtug mo. Nandiyan ka lang pala. At kiniliti nang kiniliti. *(Kikilitiin si Yaya)*

TOPAZ: *(Gagayahin si Aran. Kikilitiin si Yaya)* At kiniliti nang kiniliti.

ARAN: At nagtae nang nagtae...

TOPAZ: At nagtae nang nagtae...

TOPAZ AT ARAN: At napuno ang buong gubat ng...

LILI: DUME!!

*(Mapapatawa ang lahat maliban kay Leda.)*

LEDA: Nasa hapag-kainan kayo!

ARAN: Ano ang moral ng story, Topy?

ATE LILI: Oy, hindi pa tapos. Meron pa yan sa bakahan... sa sapa... sa gubat... sa bundok.

TOPAZ: Huwag maging matakaw.

LEDA: Hindi. *(Saglit)* Mag-ingat sa Masasamang Nilalang. Dapat hindi mo na ikinuwento 'yan, Aran. Hindi na kailangan pang malaman ng bata yan.

ARAN: Gaya ng hindi mo pagkuwento tungkol kay Daddy?

AURORA ALBA: Bakit, anong meron kay Daddy?

ARAN: Na-stroke siya noong isang linggo.

AURORA ALBA: *(Biglang magagalit)* Bakit hindi mo sinabi, Ma? Puntahan natin siya.

LEDA SANTOS: Hindi puwede anak. Malas.

AURORA ALBA: Anong malas, Ma? *(Katahimikan)*. Ma, hindi ka pa rin nagbabago. Hanggang ngayon naglilihim ka pa rin.

*(Aalis si Aurora Alba. Umiiyak.)*

LEDA: Angga! Angga!

*(Darating sina Ringgo, at Kuya Benj dala-dala ang isang case ng beer.)*

KUYA BENJ: O, Aran! Tuloy ang tagay!

- END OF ACT II -

ACT III

*Alas-dose. Mapayapa ang gabi. Tahimik.*

ALING GUSING: *(Naglilinis kasama ni Yaya Naty)* Nahugasan ko na ang lahat ng plato. *(Magwawalis)*

YAYA NATY: Magpahinga na kayo Aling Gusing. Ako na lang ang magwawalis bukas.

ALING GUSING: Ang laki-laki ng bahay na ito. Nagulat nga ako noong una kong pasok dito, may ganito pa palang hardin sa gitna ng Kamaynilaan. Para kang nasa ibang mundo.

YAYA: Oo. Ang yaman nila non. Yung mga kasangkapan nila. mamahalin. Yung sofa nila, ang ganda-ganda ng pagkaukit. May piano pa na ang laki-laki. Magaling kasing tumugtog si Aurora Alba. Sayang, sintunado na yung piano.

ALING GUSING: Oo nga. Sayang din yung bulok na kotse sa garahe ano? Mukhang spurtskar pa naman. Tapos yung pridyider, sira na ang pinto, nahuhulog. Pati yung plantsa nagluluko. Sira pa yung apat na T.V. Mayaman siguro ang tatay nila, ano? Si Mr. Santos.

YAYA: Mayaman, kaya nga maraming asawa.

ALING GUSING: Ano?

YAYA: Pangalawang silid lang si Ate. Querida sya.

ALING GUSING: Kaya pala.

YAYA: Kaya nga hindi sila makabisita sa ospital. Nandoon ang unang pamilya, galit pa naman kay Ate.

ALING GUSING: Talaga? Paano kung mamatay si Mr. Santos? *(Papasok si Aran)* Mauna na ako sa iyo Ya.

YAYA: Nabayaran ka na ba ni Ate?

ALING GUSING: Sa susunod na Linggo na lang raw. Medyo malaki raw ang nagastos niya. Naiintindihan ko siya. Tamang-tama naman eh, sa susunod na Linggo, ie-enrol ko ang anak ko diyan sa Moses. Magge-grade two na. Ikaw Yaya, ba't hindi ka mag-asawa.

YAYA: *(Saglit)* Wala sa isip ko yan. Ito ang pagtawag sa akin ng Panginoon. Ang paglingkuran ang mga anak ng iba.

ALING GUSING: Edi para na ring ina? Yan naman ang tungkulin ng isang ina, ang paglingkuran ang kanyang anak.

YAYA: *(Pabiro)* Ina-inahan.

ALING GUSING: Sige, mauna na ako. Ipaalam mo na lang kay Mrs. Santos at kay Araw.

YAYA: Aran.

ALING GUSING: Basta, Araw siya sa akin. Sige.

*(Lalabas si Aling Gusing. Papasok si Aran, naka-shorts at dala-dala mga pintura at paintbrushes.)*

YAYA: O, Punggoy, gabing-gabi na.

ARAN: D’yan lang ako sa greenhouse, ‘Ya, tatapusin ko lang ang pinipinta ko.

YAYA: Punggoy, may mungkahi sana ako. Huwag mo naman sanang masyadong awayin ang Mommy mo.

ARAN: Siya ang nang-aaway, Ya, hindi ako.

YAYA: Huwag mo na sana sa kanyang ipaalala ang mga ginawa niya noon.

ARAN: Anong magagawa ko? Hindi ko makalimutan.

YAYA: Pero nakalimutan na niya ang lahat ng mga iyon.

ARAN: Paano?

YAYA: Isang milagro ng Diyos. Minsan, iyak yan ng iyak. Malalim na malalim ang sugat ng kanyang nakaraan. Ang pighati niya at galit ay abut-abot na sa langit, parang sakit na hindi mahilom, dahil sa isang pangyayari.

ARAN: Anong nangyari?

YAYA: Umiiyak siya noon, at nagkaroon kami ng... ng... healing of memory. Healing of memory, itinuro sa akin sa charismatic iyon. Kaming dalawa lang ang nandito noon. Kakalayas lang ni Pangga, at hindi ka pa umuuwi nang tatlong araw. Akala niya lumayas ka na rin.

ARAN: *(Saglit)* Healing of memory?

YAYA: Napansin mo ba hindi na siya sumisigaw? Naalala mo ba noon, ako, nasagi ko lang ang pinto, nagsisigaw na, tinadyakan pa ako. Pero ngayon, kalma siya. Wala talagang hindi mababago ang si Lord.

ARAN: Ako, mahirap akong baguhin.

YAYA: Lahat kaya ni Lord, pati ikaw.

ARAN: Ako, ayokong magbago. *(Saglit)* Grabe siya kay Alba noon, ah. Mabuti't bumalik pa si Alba.

YAYA: Ako nagkumbinsi kay Angga. Pinuntahan ko siya sa kanyang upisina sa Makati. Sabi ko sa kanya nagbago na ang Mommy mo.

ARAN: Nagbago na nga ba? *(Saglit)* Sige ha, magpipinta na ako. Matulog ka na, Ya.

*(Papasok sa loob ng bahay si Yaya. Maiiwang mag-isa si Aran. Katahimikan maliban sa mga huni ng kuliglig. Lalabas si Aurora Alba, makikita ang mangga.)*

AURORA ALBA: Isa lang ang bunga? *(Saglit)* Noon hindi nawawalan ng bunga ang punong iyan. At ang pula pula. At kakaiba ang lasa. Ang sarap sarap.

ARAN: Pero alam mo ngayon, bihira na. Nagulat nga ako namunga noong isang Linggo. Alam sigurong darating ka.

*(Sandaling katahimikan.)*

AURORA ALBA: Gusto mong asin?

*(Lalabas si Aurora Alba habang pipitasin ni Aran ang mangga. Babalik si Aurora Alba, dala-dala ang kutsilyo at asin.)*

AURORA ALBA: Hindi pa mapula.

ARAN: Manibalang pala.

AURORA ALBA: Papakin natin ito.

ARAN: Sige. *(Babalatan ang mangga.)* Hindi ka na aalis?

AURORA ALBA: Nag-usap na kami ni Mommy.

ARAN: Si Mommy, ako lagi ang sinisisi sa paglayas mo.

AURORA ALBA: Hindi ikaw.

ARAN: Si Mommy ba?

AURORA ALBA: *(Saglit)* Hindi rin. Ang sitwasyon, ang atmosphere, ang lahat-lahat. Naiintindihan mo naman.

ARAN: Noong isan-Linggo pa namin pinag-awayan iyan. Ini-insist ko na dalawin namin si Daddy sa ospital. *(Saglit)* Pero si Daddy na rin ang may problema.

AURORA ALBA: Mabait si Daddy ah.

ARAN: Sa iyo siguro. *(Saglit)* Alam mo dati, tinawagan ko siya sa kanila. Ayun, minura ako. Malas raw na tumatawag ang anak sa labas sa bahay ng unang pamilya. *(Saglit)* Noong bata nga ako akala ko ampon ako. Kasi kung magalit sa akin si Daddy, grabe. Minsan, di ba, initsa ako. Ang liit-liit ko pa noon. Naramdaman ko ang paglipad. *(Saglit)* Tapos kung mag-away sila ni Mommy. Parang mga dragon. *(Saglit)* Tinitingnan ko nga ang sarili ko sa salamin kung kamukha ko si Mommy...

AURORA ALBA: Hindi nga e. Santos na Santos ka nga eh. Yung ilong mo, prominent. Yung mata mo, medyo singkit.

ARAN: Kailong ko si Mommy. Ikaw ang kamukha ni Daddy.

AURORA ALBA: *(Saglit)* Pango si Mommy. Matangos ang ilong nating dalawa, katulad ng kay Daddy. *(Tatawa silang dalawa.)*

ARAN: Pero tama ka. Nangilabot ako nung isang araw. Tiningnan ko ang sarili ko sa salamin. Carbon copy ako ni Santos. I hate being a bastard.

AURORA ALBA: Kasal naman sila ni Mommy.

ARAN: Sa huwes lang. At hindi pa alam ni Mommy noon na number two lang siya.

AURORA ALBA: Alam mo rin pala.

ARAN: Kinuwento na rin minsan sa kin ni Mommy. Nung depressed siya. Nung lumayas ka. She revealed everything to me.

AURORA ALBA: I bet not everything.

ARAN: What do you mean?

AURORA ALBA: You know Mommy, she has a tendency for white lies. Pag nagsisinungaling yan noong bata pa tayo, sasabihin niyan, okay lang, basta white lie. Ang problema hindi lang white lie. Pati na yata red, blue green lie.

ARAN: O, anu-ano na bang black lie ang nalaman mo?

AURORA ALBA: The truth.

ARAN: *(Sarcastic)* So what's the truth? Ano na namang bagong chapter ang mare-reveal sa ever-unfolding life ni Senyora Leda Santos?

AURORA ALBA: Gusto mo talagang malaman? *(Sandaling katahimikan)* Daddy raped her.

ARAN: Bull. Now that's the blackest lie I've ever heard.

AURORA ALBA: Gusto mo ng totoo, ‘yun ang totoo.

ARAN: Naniwala ka naman?

AURORA ALBA: Ikaw, hindi?

ARAN: *(Saglit)* That would explain everything. That explains everything. It explains my whole Goddamned fucked-up life.

AURORA ALBA: Paano pa kaya siya? She was forced-fucked.

ARAN: And she forced her fucked up life to her children. Kaya ako, hindi ako mag-aasawa, hindi ako magkaka-anak. I want to end this cycle of fucked-up lives. *(Saglit)* Ako si Aran, isang sira-ulong pintor, son of a woman who was raped by her own husband. God, why did she marry her rapist?

AURORA ALBA: Ewan ko. Sabi niya, she eventually loved him.

ARAN: *(Saglit)* Do you think mommy really loved dad?

AURORA ALBA: I don't know. *(Saglit)* This house... it‘s a house of secrets. *(Saglit)* But yes, I think she loves dad. Of all the things she told me, if there was something purer than truth, it was her love for dad.

ARAN: Loved? How could she love that rapist.

AURORA ALBA: Don't talk of Dad like that! He was a good man. He was good to me.

ARAN: Yes, he was good to you. He loved you more.

AURORA ALBA: And Mommy, she loved you more. You were her star child, who won all contests, got all the awards, she spoiled you. Kaya intindihin mo siya Aran, ikaw na minahal niya.

ARAN: Malungkot ang buhay eh, malas niya. She loved the wrong child.

AURORA ALBA: Did you know that dad was not the first man who raped her? She was raped earlier in Palawan by a landowner. Nabuntis. Pero hindi niya pinalglag yung bata. At nbung ipinanganak ito, ibinigay niya kay Lola para matakpan ang kahihiyan nila, pinalabas na magkapatid sila.

ARAN: Sino? Si Tita Selmah? Si Tita Selmah, anak ni Mommy? Kapatid natin si Tita Selmah? This is so complicated.

AURORA ALBA: Life is complicated, boy. Who told you it was easy?

ARAN: Bilib ako sa iyo, pilit mo iniintndi si Mommy. Naaalala ko noon, pinag-iigib ka niya ng tubig noong naghirap tayo. Ikaw pa ang pinaghuhugas ng pinggan, pinaglilinis ng bahay. At hindi ko malilimutan yung kinagat ka niya sa bathtub. She was growling. She was crazy. Naaalala ko rin noon when were kids, I was watching Speedy Gonzales on T.V. while Mama was whipping you on one side while you were reciting Invictus para sa contest sa school. Nanalo ka non di ba?

AURORA ALBA: Kinalimutan ko na yan. *(Saglit)* Pero naaalala ko na hinubaran niya ako habang tangan-tangan ka niya, baby ka pa noon, at tinatakot niya ako. "Iiwan ka na namin ni Aran, masama kang bata eh. Uuwi na kami sa Palawan." Naalala ko noong birthday niya. Sinulatan ko siya ng tula, at ikaw naman ay pumitas ng bulaklak sa garden natin. Ang saya-saya niya, kinuha niya yung bulaklak pero nalimutan niya yung tula ko. Nakita ko na lang nasa basurahan na.

*(Iiyak si Aurora Alba)* Naalala kong lahat-lahat. Gusto kong maghilom ang mga alaala. Pero pa'no? *(Saglit)* I can only be healed if I forgive her. She's my mother. I love her.

ARAN: Whether you like it or not.

AURORA ALBA: Whether we like it or not. For this, what do you call... goddamned-fucked-up-life, we have no choice but to love. *(Saglit)* Tita Selmah, I remember she was whipped by Ma when I was four. And I bet our mother's mother whipped her too. And I bet her mother's mother's mother... Why was she cruel to us and not to you? Because we are women? What do you want me to do? Hate her? Continue the cycle of hate? She was so happy when you were born. She told me... a son, finally.

ARAN: I hate her.

*(Papasok si Selmah).*

SELMAH: Ah sorry, nagugulo ko yata ang usapan n'yo.

AURORA ALBA: Okay lang Tita Sel.

ARAN: Excuse me, may tatapusin pa akong painting.

*(Papasok si Aran sa Greenhouse).*

SELMAH: Hindi ako makatulog. Ang init.

AURORA ALBA: Ang init-init nga talaga ngayon no. Hindi naman summer.

*(Katahimikan)*

SELMAH: Uy, mangga.

AURORA ALBA: Sige, kuha ka Tita Sel... ahh, Ate Sel pala.

SELMAH: Okay lang. Tita na lang. Nakasanayan mo na yan.

AURORA ALBA: Gusto kitang tawagin ate. *(Saglit)* Alam mo Ate Sel, walang biro, medyo nasobrahan yata ang pagkataba mo ngayon. Mas mukha ka pang matrona kesa kay mommy.

SELMAH: Wala 'kong ginawa doon sa Palawan kundi nakaupo, nakabantay sa tindahan. Nagpapasuso ng anak. Naghihintay. Naglilinis. Kumakain. Kumakain. At kumakain. Tapos namaga pa ako sa panununtok niyang Tito Rod ninyo. Grabe! *(Saglit)* Tiniis ko. Sampal. Tiniis. Tadyak. Tiniis. Pagkutya. Ang taba-taba mo na. Tiniis ko yan. Hindi ka na maganda. Tiniis ko ang lahat ng iyan. Hindi para sa sarili, kundi para sa anak ko. *(Katahimikan)* Pero hindi ko na natiis nung nakipaglandian siya sa hostess Porke't Rangkatulang lang siya.

AURORA ALBA: Mas maganda ka naman siguro dun, Tita Sel.

SELMAH: Tama ka dyan.

AURORA ALBA: Ate pala.

SELMAH: Okay lang yun. Mahirap talagang baguhin ang nakasanayan na. Yan ngang si Ate, tatawagin ko pa yang mommy eh nalaman ko lang na mommy ko pala siya nung fifteen na ko.

AURORA ALBA: Paano mo pala nalaman?

SELMAH: Si Ate Lili, pinagtapat sa akin. Hindi na raw niya nakayanan ang mga kasinungalingan. Naawa sa akin. Medyo nasobrahan na raw kasi ang pambubugbog sa akin ni Ate.

AURORA ALBA: Nung fifteen ka? Mga ten years old ako noon. Ikaw ang naghahatid-sundo sa akin sa school? Nawala ka ngang bigla noon.

SELMAH: Umuwi ako ng Palawan. Iniwan ko ang lahat-lahat. Pati si Ringgo, iniwan ko, na walang kaalam-alam sa mga nangyayari. Ang sakit-sakit nang nalaman ko. Pighati. Naramdaman ko ang tunay na ibig sabihin ng pighati. Matatanggap ko sana yung pambubugbog niya kung kapatid ko siya. Pero kung bumubugbog pala sa iyo ay ang ina mo, na nagsisinungaling sa iyo, hindi ko na nakayanan. Kaya umuwi akong Palawan. *(Saglit)* Pag uwi ko do'n, natiyempo pa na nagkalindol. Basta pumutok yung isang bulkan. Takbo nga ako. Tapos dun sa ilog, may nakita kaming malaking puno na inaagos ng tubig. Tinawid namin iyon, tapos biglang gumalaw. Dambuhala pala. Napansin ko ang mga kaliskis, hinimatay ako. Nagising na lang ako na yakap-yakap ng isang lalaki, si Roger. Sinagip raw niya ako. Ang kisig niya noon. Malaki ang katawan, macho. Tinanong ko siya kung ano ang nagyari doon sa dambuhala. Tinawag daw ng mga tao ang militar at nung nakita ang hayup, pinagbabaril ito. Pero tuloy-tuloy pa rin ang hayup sa paglangoy papuntang dagat. At anamatay ang lahat ng mga isda sa dagat. Nalason siguro dun sa dugo ng dambuhala. Hindi na nila natagpuan yung nakakahilakbot na hayop na yon. Isang buwang walang isda noon. Taggutom. Mabuti na lang at itong si Rod, may

mga alagang baka at baboy. Alam mo, nadiyaro pa yon. Pero walang naniwala.

AURORA ALBA: Alam mo naman ang tao, hindi naniniwala kung di nila nakikita.

SELMAH: Pero totoo iyon, kitang-kita ko. At totoo rin si Roger. Kaya iyon, dahil sa dambuhalang iyan, kinasal ako sa machong si Roger dela Chica. Nadagdagan tuloy ang alaga niyang baboy. Akala ko lahat ng mga pinapangarap ko'y mangyayari na. Hindi pala. Nung ipinanganak si Topaz, nung nalaman niyang babae ang una niyang anak, nag-alburoto ang macho. Sabi niya, "PAMBAYAD-UTANG!" *(Saglit)* Pambayad-utang raw ang aking anak.

AURORA ALBA: Pambayad-utang?

SELMAH: Pambayad-utang sa lahat ng mga kagaguhan niya. *(Saglit)* Kaya hindi talaga ako babalik doon. Kahit anong pilit sa akin ni Ate.

AURORA ALBA: Kay Kuya Ringgo ka na lang.

SELMAH: Mahal talaga niya ako. Hinintay at tinanggap niya ako. *(saglit)* Si Aran—?

AURORA ALBA: Kakasabi ko lang so give him time. Maiintindihan na rin niya.

SELMAH: Ano ba yang ginagawa niya sa Greenhouse?

AURORA ALBA: Masterpiece siguro. He always aims for perfection.

SELMAH: Na wala sa totoong buhay.

AURORA ALBA: Pero pinapangarap natin. Pasok muna ako, Ate.

SELMAH: Sige, dito muna 'ko. *(Tutuloy sa bahay si Aurora Alba. Lalapit si Selmah sa kurtina ng Greenhouse, sisilip)* Ang ganda!

ARAN: Oy, Hindi pa tapos. huwag mo munang titignan.

SELMAH: Sorry, pero maganda talaga.

ARAN: Baka makunan.

SELMAH: Makunan?

ARAN: Ganyan kasi ang paglikha, para kang nanganganak.

SELMAH: Hay naku, iba ang sakit ng panganganak, ha. Masakit. Masakit na masakit. Parang binibiyak ang utak mo. Kumikilos ang buong kalamnan mo. Rumaragasa ang pagtibok ng puso. Nakababaliw. Pero paglabas ng sanggol, pagnakita mo siya, ang mga busilak niyang mata, pakiramdaman ang dalisay niyang balat at marinig ang banal niyang iyak, mapapawi ang lahat. Walang kasing-saya.

ARAN: Pareho naman pala.

SELMAH: Bakit paano ba manganak kayong mga artist?

ARAN: Mahapdi. Mahapding-mahapdi. Parang.... binibiyak ang utak. Umiikot ang mga lamang-loob. Kumakabog ang puso ng mabilis, napakabilis. Nakakaloko. Nakakasira ng ulo. Pero pag tapos na, mamahalin mo at mamahalin mo ang iyong nilikha. Kung minsan nga, kahit pangit.

SELMAH: Halos pareho pala. Mamahalin natin ang ating anak kahit siya pa ang pinakapangit, kahit abnormal.

ARAN: Ang kaibahan lang nga, puwede mong sunugin o sirain ang painting, hindi ang anak.

SELMAH: O, di tama pala ako. Iba ang panganganak sa paglikha.

ARAN: Tama. Ang paglikha ay parang nanganganak lang, hindi talaga panganganak.

SELMAH: Alam mo bilib talaga ako sa iyo. Ikaw taga-ibang planeta, ako nandito lang ako sa planet earth. Huwag kang magbabago, ha?

ARAN: *(tatawa)* Ikaw din, Manatili kang simple... Ate Sel.

*(Papasok si Aurora Alba.)*

AURORA ALBA: O hindi pa ba kayo matutulog?

ARAN: Hindi ako makatulog. Kung kaya lang ng taong hindi matulog, hindi ako matutulog buong buhay ko.

AURORA ALBA: *(Titingin sa binalatang mangga)* Uy, uy tamang-tama, may isang piraso pa. Hatiin nating tatlo. *(Paghahatian ang isang piraso ng mangga).* Isang bunga mula sa iisang puno. Para sa buhay na walang hanggan.

SELMAH: Para sa buhay. *(Biglang may maririnig na nakabibinging sigaw)* Ano yun?

ARAN: Si Ma!

*(Tatakbo sa hardin si Leda Santos.)*

AURORA ALBA: Kumuha ka ng tubig Aran. *(tatakbo si Aran)* Are you okay Ma?

SELMAH: Ate, anong nangyari? *(Lalabas ng bahay sina Yaya, Ate Lili, at si Ringgo).* Si Topy? Ringgo, baka magising yung bata, matatakot. Akyatin mo muna. *(Papasok ng bahay si Ronggo).*

ATE LILI: Nabangungot yata.

AURORA ALBA: Si Kuya Benj, patawagin n'yo ng doktor.

ATE LILI: Tulog sa kalasingan.

*(Lalabas ng bahay si Aran).*

ARAN: Ma, etong tubig.

AURORA ALBA: Mommy? What's wrong?

*(Nakatingin sa malayo si Leda Santos)*

LEDA SANTOS: Masamang panaginip. Nasa gitna ako ng kawalan. Isang kawalan na puting-puti. Umuulan. Subalit humihiwalay ang ulan kapag ako'y dumadaan. Biglang may gintong pawikan na lumulipad sa kawalan. At bigla na lang nasa gitna ako ng lupa. Tumatakbo ngunit puro lupa. Takbo ng takbo ng takbo ng takbo... puro lupa. At dinasal ko ang Parimanis at ako ang naging pinakamagandang babae sa isla. At ako'y... Iiyak ng malakas. Aahhh. Ginahasa niya ako. Sa loob ng isang dyip. At iniwan na parang patay na sanga sa palayan. At biglang nasa gitna ako ng lugar na di ko kinalikihan. Punumpuno ng dyip. At sinagasaan nila akong lahat. Ibig kong magising, pero hindi ako magising. Parang totoo. Totoong-totoo. At naging isa ang lahat ng dyip. At naging isang lalaki. At nakita ko ang larawan ni Hesukristo. Mga panyo... mga panyo... mga panyo ni Yaweh. Pinaligiran ako ng mga panyo... ni Yaweh. At lumaki nang lumaki ang aking tiyan. May naramdaman akong tatlong nilalang na gumagalaw sa aking tiyan. Sinuntok ako. Kinalmot. Kinagat nila ang tiyan ko para makalabas. At isinilang ang tatlong sanggol na di-karaniwan. Isang babaeng asul ang balat

at lumilipad. Isang babaeng puro sugat. At isang nilalang na gawa sa apoy. Biglang tinubuan ako ng buntot, at mga pangil. At nagmukha akong halimaw. *(Sisigaw)* Isa akong halimaw! Hinampas ko ang babaeng lumilipad ng aking buntot-page. Habang kinakagat-kagat ko ang babaeng puro sugat, at kinain ko siya. At biglang dumilim, napakadilim. Mga mukha, kilala ko silang lahat. Ngunit hindi ko maalala, at ako'y naging taong muli. Ang babaeng lumilipad ay nakangiti. Ang mga sugat nung isa'y naging mga paruparo't bulaklak. Subalit yung nilalang na gawa sa apoy, ang mga mata niya, tiningnan ko ito... ang mga mata niya'y galit. *(Iiyak)*

AURORA ALBA: Tahan na, Ma. Yaya, kami nang bahala dito.

SELMAH: Ate Lili, matulog ka na.

LEDA SANTOS: Magdasal tayo. Humingi tayo ng kapatawaran sa Diyos. *(Luluhod si Leda Santos. Nakatayo sina Aurora Alba, Selmah, Yaya at Ate Lili. Nakaupo si Aran, parang may malalim na iniisip)* Sa ngalan ng Anak...

AURORA ALBA: Ama, hindi Anak, Ma.

LEDA SANTOS: Sa ngalan ng Ama, ng Anak, at ng Espiritu Santo, Amen. *(Saglit)* Panginoon, patawarin mo kami sa aming pagkakasala sa isa't isa at sa sarili. Sa ming mga anak at sa aming mga ina, nang ang mga kasalanang ito'y... ito'y...

AURORA ALBA: Nawa'y ang mga pagkakasalang ito'y ibaon sa limot upang mabuhay ng matiwasay.

YAYA: Paghihilom po ang kailangan ng pamilyang ito. Paghihilom ng mga alaala.

SELMAH: Nang kami po'y maging busilak muli, dalisay at banal, katulad mo Panginoon.

ATE LILI: Katulad ng mga Mabubuting Nilalang ng Sansinukob.

ARAN: Tulungan n'yo po kami sa aming pakikibaka laban sa kadiliman.

*(Matagal na katahimikan.)*

- END OF ACT III -

## ACT IV

*Alas-seis ng umaga. Magbubukang liwayway. Bagong gising si Aurora Alba. Lalapit sa greenhouse.*

AURORA ALBA: Aran?

*(Walang sasagot. Sisilip sa telon ng greenhouse. Lalabas ng bahay si Aran, may dala-dalang bag.)*

ARAN: Ano sa tingin mo?

AURORA ALBA: Nakakamangha. Maganda.

ARAN: Totoo?

AURORA ALBA: Ngayon lang ako namangha sa isang painting. Kakaiba ka ngang magpinta. *(Mapapansin ang dala-dala ng kapatid.)* Bumalik nga ako, ikaw naman ang aalis.

ARAN: Matagal ko ng pinag-isipan ito, bago ko pa nalaman na uuwi ka na.

AURORA ALBA: Sa Pulao-pulao ba? *(ngingiti lang si Aran)* Hindi alam ni Mommy?

ARAN: Matagal ko na siyang kinukulit.

AURORA ALBA: Malulungkot ‘yon. Sarili mo na lang ang iniisip mo palagi. Bakit ka ba pupunta doon?

ARAN: Hahanapin ko ang sarili ko. Gusto kong maranasan ang hiwaga ng Pulao-pulao. Gusto kong makita ang kinagisnan ng mga ninuno natin bago tuluyang mawala na. Sabi ni Ate Lili mamamatay na raw si Tiyo Buni. Gusto ko matutunan ang mga dasal siguro para higit na ring maintindihan ang sarili ko.

AURORA ALBA: Paano si Mommy?

ARAN: Ito o, ibigay mo mamaya, pagkaalis ko.

AURORA ALBA: Gaano ka katagal doon?

ARAN: Tatlong linggo, dalawang buwan, isang taon… habang buhay? Bahala na. *(Saglit)* Alam mo ang gusto ko talagang makita doon? Mga Kukok.

AURORA ALBA: Anong Kukok?

ARAN: Wala ba talaga sa iyong kinikwento si Ma?

AURORA ALBA: Wala nga.

ARAN: Ang Kukok ay mga enkanto na dikit dikit ang daliri at nagbabagong anyo. Nagiging kamukha nila kahit na sino, nag aanyong tao.

AURORA ALBA: Nakakatakot.

ARAN: Hindi, mapagbiro lang ang mga iyon. Wawalain ka lang lilitohin. Noon nga raw nagkagulo ang buong Pulao-pulao dahil akala nong mga tao nagloloko ang mga asa-asawa nila. Iyon pala'y mga Kukok na naganyong mga asawa nila.

AURORA ALBA: Masamang biro.

ARAN: Kaya nga nagkaroon ng dasal para sa mga Kukok. Alam ni Mommy iyon.

AURORA ALBA: Mahiwaga talaga ang kinalakihan ni Mommy no, siguro kaya ganyan siya. Lumaki siya sa isang daigdig na natural... busilak, di tulad ng dito. Pwedeng lamunin ang kaluluwa mo.

ARAN: Tayo ngang lumaki rito, nababaliw na – siya pa kaya. Nakalimutan na nga niya ang lahat ng iyan. Ito pang si Yaya. Dinala siya sa Charismatic, kaya hayun – distorted tuloy siya – a Palawan Priestess transformed into a religious fanatic.

AURORA ALBA: At least mapayapa siya ngayon. May nahanap siyang kahulugan diyan sa Charismatic niya.

ARAN: Lahat naman tayo nangangailangan ng kahulugan. Kung siya nahanap niya ito dito, ako sa tingin ko mahahanap ko doon.

AURORA ALBA: Sana.

ARAN: Doon daw may sapa sa gitna ng dalawang bundok, kung saan kapag lumangoy ka maaring mahilom ang lahat ng sakit at galit. At kapag malinis ka na, makikita mo ang mga paru-parong kakulay ng bahaghari, na tumatakip sa pagitan ng magkahiwalay na bundok. *(Saglit)* Mauuna na ako.

*(Yayakapin ni Aurora Alba. Aalis na si Aran. Dudungaw si Leda Santos sa pinto.)*

LEDA SANTOS: Palangga, ang aga mong nagising.

AURORA ALBA: *(titingnan ang hardin)* Ang ganda ganda nung garden natin noon, no, Ma.

LEDA SANTOS: Pinaganda ko talaga ito noong panahon ng Daddy mo. May puno pa ng duhat dati.

AURORA ALBA: At may kamias.

LEDA SANTOS: Na pag namumunga parang mga ubas.

AURORA ALBA: May aratilis pa.

LEDA SANTOS: At kaimito sa likod ng greenhouse.

AURORA ALBA: Pati balimbing meron.

LEDA: Nagka mais pa tayo.

AURORA ALBA: At wag mong kakalimutan ang pinya.

LEDA SANTOS: Isang prutas lang ang di ko napatubo dito, iyong Kurisum na sa Pulao-pulao lang tumutubo. Ang sarap sarap ng bunga noon,m napakatamis. Nagdala ako ng buto noon dito, tinanim ko, nagkaugat, pero namatay. Umiyak ako noon. Hindi ko nga alam kung bakit. *(Saglit)* Gising na ba si Punggoy?

AURORA ALBA: Para sa ‘yo.

LEDA SANTOS: *(Saglit)* Hindi ko kayang basahin. *(iaabot ang sulat kay Aurora Alba)*

AURORA ALBA: *(Babasahin ang sulat)* Ang ating mga ninuno ay naniniwalang ang tao'y nagmula sa apoy.

ARAN: Murubdob na mga nilalang. Kapag masyadong mainit nakakasunog...at kapag masyadong mahina, ay madaling mamatay. Ang ibig ko'y haplos ng init na lumalagablab, ngunit kumakalinga. Kung ibig mong kalimutan ang iyong nakaraan ibig ko naman itong balikan. Ibig kong makita ang nakita mo. Ibig kong maakyat ang mga punog iyong naakyat, tumapak sa lupang iyong kinalakihan, mahinga ang hangin na bumuhay sa iyo. At matutunan ang mga dasal para sa Mabubuting Nbilalang ng Sansinukob. Ibig kong maging mabuti.

LEDA SANTOS: *(kukunin ang sulat, babasahin muli, sandaling katahimikan)* Aran, anak. *(Saglit)* Masyadong mabilis ang panahon. Minsan di ko na alam ang paniniwalaan ko.

AURORA ALBA: Ang buhay mo Ma, iyan ang paniwalaan mo.

*(Magbubukas ang pinto at lalabas si Topaz)*

TOPAZ: Mimi...

LEDA SANTOS: Topy.

TOPAZ: Mimi, Ano iyang nakatago sa likod ng kurtina, mga laruan?

AURORA ALBA: Tingnan natin?

LEDA SANTOS: Baka magalit si Aran.

AURORA ALBA: Sigurado akong gusto niyang makita mo ang nakatago sa likod ng kurtinang iyan.

*(Lalapit sila sa kurtina, bubuksan ni Aurora Alba. Makikita ang isang malaking malaking larawan.)*

TOPAZ: Ang ganda.

*(Makikita sa larawang ito ang lahat ng tauhan ng dula sa kanilang matalinhaggang anyo. Ang kanilang mga ninuno, ang mga mahiwagang nilalang ng Pulao-pulao, ang mabubuting nilalang ng sansinukob. Makikita ang araw sa gitna ng larawan. Mula rito ay sumambulat ang ibon, halaman, isda, hayop, at tao.*

*Matagal na katahimikan. Mangha ang tatlo sa larawan.)*

TOPAZ: Mimi, ikaw ang nasa gitna.

AURORA ALBA: Oo nga, Ma, ikaw iyon.

LEDA SANTOS: Ang ganda ganda ko naman. Ganyan pala ang tingin sa akin ni Aran.

AURORA ALBA: Oo Ma.

TOPAZ: Si Ate Alba, walang damit – pero puno ng flowers at butterflies .

AURORA ALBA: Ay si Ate Lili! Nakakatuwa, nagsusuob.

TOPAZ: At si Mommy, naka-blue, kayakap ang moon.

LEDA SANTOS: *(Tinitingnan isa isa)* Si tiyo Buni... si lola Abet-a.

TOPAZ: Ay si Pulog-pulog!

AURORA ALBA: At si Rangkatulang o.

TOPAZ: Sino iyong walang mukha?

LEDA SANTOS: Si Parimanis, ang kagandahang lubos. *(Maluluha)*

TOPAZ: E iyong dikit dikit ang daliri?

AURORA ALBA: Mga Kukok, nagbabago sila ng anyo.

LEDA: Naalala lahat ng aking anak.

TOPAZ: *(Titingnan ang lola)* Bakit ka umiiyak, Mimi? Sad ka?

LEDA SANTOS: Hindi, masaya ko, masayang masaya. Halika may ike-kwento ako sa iyo.

TOPAZ: Tungkol saan?

LEDA SANTOS: Tungkol sa pinagmulan nating lahat. Ng ating  mga ninuno. Ikaw at ang nanay ng nanay mo. Ako, at ang nanay ng nanay ko. Ang lola ko, at ang nanay ng nanay niya at ang walang hanggang nanay na nauna sa kanila... noong kauna-unahang panahon. At ang kuwentong ito ay kwinento ng unang ina sa anak niya at anak ng

anak niya, ang unang apo, at anak ng anak niya, at ng anak ng anak ng anak niya... at ngayon ay ikukwento ko sa iyo, ang anak ng anak ko.

*(Yayakapin ni Leda Santos ang kanyang apo. Yayakapin ni Aurora Alba ang kanyang ina.)*

-END-